Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Pinakaunang Mahal Na Araw

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Ang isang babae ay
nakatayo sa maingay
na dahilig, ang kanyang
mga malulungkot na
mata ay nakatingin
sa nakatakotakot
na pangyayari.
Ang kanyang
anak na lalaki
ay naghihingalo.

Ang babae ay si Maria,
at nakata-tayo siya
malapit sa lugar nang
pinagpakoan ni Kristo
sa Krus.



Paano nangyari ang lahat ng ito? Paano na wakas ang magandang buhay ni Hesus sa ganitong kakilakilabot na paraan? Paano nga na ang Diyos na Ama ay binayaang mapaku sa Krus ang kanyang bugtong na Anak at namatay doon.



Nagkamali ba kaya si Hesus sa karapatan kung Sino Siya? Nagkamali ba kaya ang Panginoong Diyos?

Hindi! Ang Panginoon ay hindi nagkamali. Si Hesus ay hindi pa naka-gawa ng kamalian. Alam ni Hesus na Siya ay papatayin ng mga masasamang tao. Kahit na noong sanggol pa si Hesus, isang matandang na-ngangalang Simon ay nagsabi kay Maria na may kalongkutan na darating sa kanya.

Ilang araw bago pinatay si Hesus, may isang babaing nagbuhos ng pabangong langis sa Kanyang mga paa. "Inaaksaya lang niya ang pero," Ang mga alagad ay dumaing. "Siya ay gumawa ng mabuting gawain," ang sabi ni Hesus. "Ginawa niya ito para sa aking libing." Katakatakang mga salita.

Pagkatapus nito, si Hudas, isa sa mga dalawang po't dalawang alagad ay pinagkanulo si Hesus sa mga saserdote sa halagang tatlong po na pilak.



Nang dumating ang Paskua ng mga Hudyo, kumain si Hesus ng huling hapunan na kasama ang kanyang mga alagad. Sinabi ni Hesus sa kanila ang mga katakatakang mga bagay tungkol sa Panginoong Diyos at Kanyang mga pangako sa sino man ang nagmamahal sa Kanya.

Noon ibinigay ni Hesus ang tinapay at kupa upang pagsalosalohan nila. Ito ay paalaala sa kanila ng katawan at dugo na binuhos niya sa krus upang magbigay ng kapatawaran ng mga kasalanan.

Noon sinabi ni Hesus sa Kanyang mga kaibigan na siya ay ipagkaka-nulo, at magsisitakbuhan sila at iiwanan si Hesus. "Hindi ako aalis," Pumilit si Pedro. "Bago ang tatyaw magtilauk, itanggi mo Ako ng tatlong bisis," ang sabi ni Hesus.



Mamaya sa gabing iyon, si Hesus ay umalis upang manalangin sa Harden ng Getsemane. Ang mga alagad na kasama niya ay nakatulog. "O Ama Ko," ang daing ni Hesus,"...Mangyari sana na itong kupa ay maiwasan ko. Ngunit hindi sa kaluoban Ko, kung hindi sa Iyo."

Biglang dumating ang mga pulotong mga tao, na pinangunahan ni Hudas. Si Hesus ay hindi lumaban, ngunit hiniwa ni Pedro and tainga ng isang tao. Dahandahan hinipu ni Hesus ang tainga ng tao at ito'y nasauli at gumaing. Alam ni Hesus na ang paghuli nila kay Hesus ay bahagi ng kalooban ng Diyos na Ama.

Ang pulotong ng mga tao ay dinala nila si Hesus sa bahay ng punong saserdote. Doon, ang mga pangulo ng mga Hudio ay nagsabi na si Hesus ay kailngang mamatay. Si Pedro na malapit doon ay nakatayo sa tabi ng dapug ng alila at nagbantay.

Ang mga tao ay tumitig kay Pedro ng tatlong bisis at sinabi, "Hindi ba kasama ka ni Hesus?" Tatlong bisis din na tinanggihan ni Pedro, gaya ng sinabi ni Hesus sa kanya noon. Nagmura at nagsumpa si Pedro.

COCK-A-DOODLE-DOO

Noon din, ang tandang manok at nagtilauk. Para baga'y ito ang tinig ng Panginoong Diyos kay Pedro.

Nagsisi si Hudas din. Alam niya na si Hesus ay walang pagkakasala o kremin nagawa.

Tinapun ni Hudas ang pera, at lumabas - at binitay ang kanyang sarili.


Dinala ng mga saserdote si Hesus sa harapan ni Pilato, ang gover-nador ng Roma. Sinabi ni Pilato, "Wala akong makitang kamalian sa Taong ito." Ngunit ang mga pulotong tao ay palaging sumigaw, "Ipaku Siya! Ipaku Siya!"

Sa wakas, pinagbigyan ni Pilato and madla, at hinusgahan si Hesus na mamamatay sa krus. Ang mga kawal ay masama, binuntal nila si Hesus, dinuraan ang Kanyang mukha, at pinogbug Siya. Gumawa sila ng koronang tinik at pinatong ng malakas sa Kanyang ulo. Pagkatos, ipinaku nila Siya sa krus na kahoy upang mamatay.



Alam ni Hesus na mamamatay siya sa ganong paraan. Alam din niya na ang kanyang kamatayan ay magbibigay nang kapatawaran sa mga makasalanang nanampalataya sa Kanya.



May dalawang kriminal na napaku sa krus sa tabi ni Hesus. Ang isa ay tumanggap kay Hesus at pumaroon sa langit, ang isa ay hindi.


Pagkatapos ng mahabang pagtitiis ni Hesus sa krus, sinabi niya, "Tapos na ang aking gawain," at Siya'y namatay. Ang gawain Niya ay tapos na. Ilinibing ang Kanyang bangkay sa libingang pangsarili o privado.

Binantayan
nang mahigpit ang
libingan ni Hesus.
Walang makapasok
o makalabas.


Kung ito ay katapusan ng kuento, nakalulungkot ang pangyayari. Ngunit ang Panginoon Diyos ay gumawa ng katakataka bagay. Si Hesus ay hindi nanatiling patay.


Sa sunod na umaga, unang araw ng linggo, nakita ng mga alagad ni Hesus na ang malaking bato na ilinagay sa pintoan ng libingan ay naalis at gumulong.

Ang libingan ay bukas ay kanilang inusisa, at ang bangkay ni Hesus ay wala doon.



Isang babae ay nagpaiwan, umiiyak sa tabi ng libingan. Nagpakilala si Hesus sa kanya! Kaagad agad masayang ibinalita niya ang pangyayaring ito sa ibang mga alagad.

"SI HESUS AY BUHAY!
SI HESUS AY BUMALIK
GALING SA KAMATAYAN."

Hindi nagtagal pumaroon si Hesus sa Kanyang mga alagad, at pinaki-sa kanila ang kanyang mga kamay na napakuan. Tutoo nga. SI HESUS AY NABUHAY MULI! Pinatawad niya si Pedro ng kayang pagtanggi sa Kanya, at sinabihan ang lahat ng Kanyang mga alagad na ibalita sa lahat tungkol sa Kanya. Siya'y bumalik sa langit nang Kanyang pinanggalingan noong pinakaunang Paskua.

Ang Unang Pasku Isang kuentong

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Mateo 26-28, Juan 13-21

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16